# Ang Koleksyon ng Karapatan sa Pagsali para sa Operasyon para sa Asul na Bubong ay Matatapos sa ika-11 ng Nobyembre

**Release Date: November 1, 2018**

TALLAHASSEE, Fla. – Ang koleksiyon para sa Karapatan sa Pagsali (ROE) para sa Operasyon para sa Asul na Bubong ay matatapos na sa Linggo, ika-11 ng Nobyembre ng taong 2018, ng 6 p.m. lokal na oras sa kanilang mga lokasyon. Ang mga natanggap na ROE bago o sa araw ng ika-11 ng Nob. ay susuriin parin. Ipagpapatuloy ang paglagay ng mga Asul na Bubong hanggang ito'y makumpleto.

"Inaanyayahin namin ang mga mayari ng bahay na gamitin ang libreng programang ito. Pinapangako namin na kahit sinong nakaligtas na mamamayan na nagsumite ng ROE sa ika-11 ng Nob., o mas maaga pa, na titignan ng isang kwalipikadong representatibo ng Hukbo ng mga Inhinyero ng Armi ng Estados Unidos ang inyong bubong," sabi ni Lt. Col. Richard Gussenhoven, komander ng Opisina sa Fild ng Rekaberi para sa Task Pors Michael ng Hukbo.

Ang Programa para sa Asul na Bubong ay magbibigay ng pagsamantalang takip gamit ang asul na matatag na plastik na kumot upang makatulong na mabawasan ang mas marami pang pinsala sa pag-aari na apektado ng Bagyong Michael hanggang sa may mas permanenteng pagkukumpuni ang maisasagagawa. Ang programang ito ay libre para sa mga elijibol na pangunahing may-ari ng mga bahay at mga nagpapaupa. Para sa mga litrato at bidyo ng Programa, bisitahin ang www.dvidshub.net/unit/usacesad.

Patuloy ang onlayn na pagkolekta ng mga Karapatan sa Pagsali sa www.usace.army.mil/blueroof o personal sa mga lokasyon na ito hanggang ika-11

ng Nob.

- Bay County Disaster Recovery Center - Bay County Public Library, 898 West 11th Street, Panama City, FL 32401
- Bay County - Walmart Supercenter, 2101 S FL-77, Lynn Haven, FL 32444
- Bay County - Walmart, 15495 Panama City Beach Parkway, Panama City Beach, FL 32413
- Calhoun County DRC - Sam Atkins Park, NW Silas Green Street, Blountstown, FL 32424
- Gadsden County DRC - (Old) Gretna Elementary School, 706 Martin Luther King Junior Boulevard, Gretna, FL 32332
- Gulf County - Port Saint Joe Library, 110 Library Drive, Port Saint Joe, FL 32456
- Gulf County - Wewahitchka Information Center, 211 N State Road 71, Wewahitchka, FL 32465
- Jackson County DRC - University Extension Office, 2737 Penn Avenue, Marianna, FL 32448

Ang mga kasalukuyang impormasyon ay nakasaad sa www.usace.army.mil/blueroof at sa 888-ROOF-BLU (888-766-3258). Ibibigay ng iisang numerong ito ang impormasyon sa Ingles at sa Espanyol.

Mga Kinakailangan Upang Maging Eligibol

• Tanging mga pangunahin na mga bahay na may istandard na shingle na bubong ang elijibol na makatanggap ng pagsamantalang asul na bubong.

• Ang mga bakal na bubong at mga bahay na mobayl ay maaaring maayos sa praktikal na paraan depende sa kaso nito.

• Ang mga bubong na may mas malawak sa 50 porsyentong pinsala ay hindi elijibol sa programang ito.

• Lahat ng may-ari at nagpapaupa ng mga bahay na pumirma ng Karapatan sa Pagsali ay bibisitahin.

• Kung ang bahay ay kasalukuyang nirerentahan, kinakailangan sumulat ng permisyon ang tenant galing sa may-ari bago ito pumirma ng Karapatan sa Pagsali.

###

Misyon ng FEMA: Tulongan ang mga mamamayan bago, habang, at pagkatapos ng mga sakuna.

Lahat ng tulong sa sakuna ng FEMA ay ibinibigay ng walang diskriminasyon dahil sa lahi, kulay, kasarian( kasali ang sekswal na pang-haharas), relihiyon, nasyon na pinanggalingan, edad, kapansanan, hindi kagalingan mag-ngles, estado sa ekonomiya, o retalyasyon.  Kung naniniwala kang nilabag ang iyong mga karapatang sibil, pakitawag ang 800-621-3362 or 800-462-7585(TTY/TDD).